**Pamagat**: Ang Pinakamahalagang Kayamanan sa Buhay

**Bible Text**: Psalm 32:1 “A Psalm of David, Maschil. Blessed is he whose transgression is forgiven, whose sin is covered.”

*Pagsasalin*: Isang Awit ni David, Maschil. Mapalad siya na pinatawad ang pagsuway, na ang kasalanan ay tinakpan.

**Panimula**:

1. Ang salitang Maschil ay nangangahulugan na ito ay isang awit ng pagtuturo (instruction, to give wisdom).
2. Yun salitang “blessed” ibig sabihin ay biyaya o pagpapala – natural may halo itong kasiyahan, pero hindi ito kasiyahan ng mundo. Ito ay kasiyahan na galing sa Dios.
3. Papansinin natin ngayon ang mga pagpapala na ang Dios lamang ang maaring magbigay nito, at tanging ang mga ligtas lamang ang maaring tumanggap ng mga ito.
4. Ang turo ng Psalmo na ito: parang may napakataas na utang pero dumating ang isang tagapagtubos! At ngayon ikaw ay blessed o pinagpala!
5. TANONG: ano sa buhay ang pinakamahalagang kayamanan: pamilya, mga kaibigan, kasikatan, pera, pag-aaral, trabaho, mga bagay na maaring makamit, o baka mga materiales tulad ng damit, kagandahan, kaligayahan. (Pero hindi maari itong makakamtan ng pag-ibig at kapatawaran ng kasalanan).

**I. Bakit Pinakamahalaga ang Kapatawaran**:

A. Dahil ang kapatawaran ng Dios ay walang-hanggan. (Eternally secured)
B. Dahil ito ay nakakabuo ng relasyon sa Dios. Dati tayo ay kaaway, ngayon tayo ay Kanyang mga Anak, at Alagad.
C. Dahil ito ay pagsasauli ng ating karangalan. Dati tayo ay parang criminal, pero ngayon tayo ay kakampi ng Dios.
D. Dahil hindi ito kayang ibigay ng mundo, pero sa oras na ang makasalanang tao ay magsisi at sumampalataya kay Jesus, lahat ng kanyang kasalanan ay pinatawad ng Dios – wala itong bayad (sa tao), ito ay binayaran ng Pangingoong Jesus. (Libre, Saglit, ito ay sa ngayon rin kung sumampalataya ka – hindi ito pabigat na penitensya habang buhay – NO! ito ay Kalayaan, kaginhawaan, sa espiritu) alang-alang kay JESUS!
E. Dahil ito ay nagdudulot ng pagbabago (bagong isip, bagong pananaw sa buhay, pag-asa na tiyak, katiyakan at kaalaman). Dati punong-puno ng sarili, takot, kaba, alinlangan subalit dahil kay Jesus: pag-ibig, kapangyarihan, at malusog na pagiisip.

**II. Mahalaga ang Kaptawaran dahil sa Kabigatan ng Kasalanan:**

A. Ang kasalanan ay nagdudulot ng kamangmangan. Kabulagan, at kaguluhan ng buhay. (pagtatanggi)
B. Ang kasalanan ay nagdudulot ng mabigat na pagkasala. Kalungkotan, at pagkabigo. (nababalisa; uneasy) (panghihinayang: regret) (takot: fear).
C. Ang kasalanan ay nagdudulot ng pagkahiwalay sa Dios.
D. Ang kasalanan ay ngadudulot ng parusa ng Dios – at ang ultimate na parusa: impyerno at ang dagat-dagatang apoy! Kamatayan – ito ay dahil sa kasalanan. – buhay ka sa mundo, pero patay ka sa espiritu.
E. Ang kasalanan ay nagdudulot ng bihag at bilanggo sa kasalanan. Maliban lamang sa grasya ng Dios, wala tayong kapangyarihan upang labanan ang kasalanan.

**Katapusan**:

1. Si Cristo ay pumarito upang mabigyan tayo ng kapatawaran.
2. Hindi ito importante sa mundo, pero ito ay napaka importante sa kaligtasan ng kaluluwa.
3. Paano magsisi (v.5 - Kinilala ko ang aking kasalanan sa iyo, at hindi ko ikinubli ang aking kasamaan; aking sinabi, “Ipahahayag ko ang aking paglabag sa PANGINOON;” at iyong ipinatawad ang bigat ng aking kasalanan. (Selah)”
4. (v.2 - Mapalad ang tao na hindi pinaparatangan ng kasamaan ng Panginoon, at sa kanyang espiritu ay walang pandaraya.) – walang pandaraya (no guile).
5. Dapat maaring sabihin: O Panginoon, patwad sa aking mga kasalanan alang-alang kay JESUS.